Karapatan ng mga Empleyado

Ang mga empleyado na sakop ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa ay binibigyan ng ilang karapatan na magsama-sama upang mapataas ang kanilang sahod at kondisyon sa pagtatrabaho, mayroon man o walang union.

Gawain ng Unyon

Ang mga empleyado ay may karapatan na bumuo ng unyon kung wala pang unyon sa lugar ng trabaho, o ipawalang-bisa ang isang unyon na nawalan ng suporta mula sa mga empleyado.

Ang halimbawa ng karapatan ng mga empleyado ay:

- Pagbubuo, o pagtatangka na bumuo, ng isang unyon sa lugar ng trabaho;
- Pagsali sa isang unyon, kinikilala man ito o hindi ng iyong employer;
- Pagtulong sa isang unyon sa pag-organisa sa iyong mga kasamahan sa trabaho;
- Pagtanggin a gawain ang anuman o lahat ng ito.
- Magkaroon ng kinatawan mula sa isang unyon

Gawain sa Labas ng Unyon

Ang mga empleyado na walang kinatawan mula sa isang unyon ay may mga karapatan rin sa ilalim ng NLRA. Sa particular, ang Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa ay pinoprotektahan ang karapatan ng mga empleyado na magsawa ng “magkasamang pagkilos”, kung saan dalawa o higit pang mga empleyado ay gumawa ng aksyon para sa tulong at proteksyon tungkol sa tuntunin at kondisyon sa pagtatrabaho. Ang isang empleyado ay maaari ring magsagawa ng protekatadong magkasamang pagkilos kung siya ay kumikilos nang may awtoridad mula sa ibang empleyado, na ipinapabatid ang mga reklamo sa employer, pagsubok na magsawang ng aksyon nang magkasama, o sumusubok na maghanda para sa aksyon nang magkasama.

Ilang halmbawa ng protektadong magkasamang pagkilos ay:

- Dalawa o higit pang empleyado ay nakikipag-ugnayan sa kanilang employer tungkol sa pagtaas ng kanilang sahod.
- Kapwa nag-uusap ang dalawa o higit pang empleyado tungkol sa mga problema sa trabaho na hindi tungkol sa sahod, tulad ng kaligtasan.
- Isang empleyado ang nakikipag-usap sa isang employer sa ngalan ng kanyang mga kasamahan tungkol sa pagpapahusay sa kondisyon sa lugar ng trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon, kasama ang mga paglalarawan ng mga kaso ng magkasamang pagkilos, ay makikita sa pahina tungkol sa protektadong magkasamang pagkilos.

Sino ang sakop nito?

Karamhian sa mga empleyado sa pribadong sector ay sakop ng NLRA. Gayumpaman, ang Batas ay ispesipikong binibilang ang mga indibidwal na:

- nagtatrabaho sa pamahalaang Federal, estado, o lokal
- nagtatrabaho bilang manggagawang agrikultural
- nagtatrabaho sa serbisyong domestiko para sa isang tao o pamilya sa isang tahanan
- nagtatrabaho para sa magulang o asawa
- nagtatrabaho bilang isang independent contractor
- nagtatrabaho bilang isang tagapamahala (mga tagapamahala na nakaranas ng diskrimiansyon dahil sa pagtanggi sa paglabag ng NLRA ay maaaring sakop)
- nagtatrabaho para sa isang employer ayon sa Batas sa Paggawa sa Daang-tren (Railway Labor Act), tulad ng mga daang-tren at kompanya ng eroplano
- nagtatrabaho para isang tao na hindi itinuturing na isang employer ayon sa NLRA

May karagdagang impormasyon na mahahanap sa pahina sa pamantayang sakop.

Para sa Karagdagang Impormasyon:

Kung ikaw ay may karagdaang katanungan:

- Tingnan ang aming pahina sa Frequently Asked Questions.
- Tingnan ang aming interaktibong bahagi sa mga batas na pinoprotektahan para sa Karapatan ng Empleyado.
- Makipag-ugnayan sa aming Opisina sa Ugnayan sa Publiko sa 202-273-1991 o isa sa aming 26 rehiyonal na opisina.

Kung handa ka nang maghabla ng Kaso o Petitsyon, maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng aplikasyon para sa electronic filing (E-File) ng NLRB.